**MGA MAHALAGANG SALIK PARA SA PAGBABAWI NG BUHAY-EKKLESIA**

(Araw ng Panginoon—Unang Sesyon sa Umaga)

Mensahe Pito

**Ang Salik ng Paghahalo para sa Realidad ng Katawan ni Kristo**

Babasahin sa Kasulatan: Roma 12:5; 1 Cor. 6:17; 12:24, 31b; 13:1-8a; 10:17; Lev. 2:4; Efe. 3:16-17a; 4:16

**I. Ang pinakamataas na rurok sa ekonomiya ng Diyos ay ang realidad ng Katawan ni Kristo; ang realidad ng Katawan ni Kristo ay lubusang organiko—Roma 8:2, 6, 10-11; 12:4-5:**

A. Ang nagkukumpletong ministeryo ni apostol Pablo ay lubusang nakatuon sa Katawan ni Kristo—sa partikular, ang Roma, 1 Corinto, Efeso, at Colosas; ang Katawan ay ang sukdulang aytem ng patuloy na paggawa ng Diyos, kaya ang Katawan ay ang pinakamataas na punto ng buong pahayag ng Diyos—Roma 12:4-5; 1 Cor. 12:12-13, 18-22; Efe. 1:22-23; 2:16; 3:6; 4:4, 12, 15-16; 5:23, 30; Col. 1:18, 24; 2:19; 3:15.

B. Binabanggit ng Roma 12 ang hinggil sa Katawan mula sa anggulo ng organikong pakikipag-isa; sinasabi ng bersikulo 5, "Tayo, *na* marami, ay iisang Katawan kay Kristo":

1. Dalawang salita sa bersikulong ito ang nagpapahiwatig ng organikong pakikipag-isa—*kay Kristo*—"kay Kristo" ay isang bagay ng organikong pakikipag-isa—cf. Juan 3:16; Roma 6:3-6; 11:17, 19; 16:7-10; 1 Cor 1:30; 2 Cor. 2:17; 5:17; 12:2; Gal. 3:27.
2. Tayo ay isang Katawan kay Kristo, nagtataglay ng isang organikong pakikipag-isa sa Kanya; ginagawa tayo ng pakikipag-isang ito na isa sa Kanya sa buhay at sa lahat ng ibang sangkap ng Kanyang Katawan; kapag nananatili tayo sa organikong pakikipag-isang ito, tayo sa katunayan ay namumuhay sa Katawan ni Kristo—Roma 8:16; 1 Cor. 6:17; 2 Tim. 4:22; Roma 8:4-6.
3. Ang aktuwalidad ng Katawan ni Kristo ay nasa ating pananatili sa organikong pakikipag-isa kay Kristo; inihahayag ng Juan 15:1-11 na si Kristo ang tunay na puno ng ubas at tayo ang Kanyang mga sanga; bilang mga sanga ni Kristo, dapat tayong manatili sa Kanya, na nangangahulugan lamang na manatili sa ating organikong pakikipag-isa kay Kristo—bb. 4-5; cf. 8:31; 15:7.

**II. Ang pagbabawi ng Panginoon ay para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo; kaya, ang makilala ang Katawan ay ang wastong pagbabawi ng Panginoon—1 Cor. 12:27; Efe. 4:16; Col. 3:15:**

A. Kinukuha ng ekklesia ang Katawan ni Kristo bilang ang organikong salik nito; kung wala ang Katawan ni Kristo, ang ekklesia ay walang buhay at isa lamang pantaong organisasyon—1 Cor. 1:2; 12:12-13, 27.

B. Ang Katawan ay ang intrinsikong kahulugan ng ekklesia; kung wala ang Katawan, ang ekklesia ay walang saysay at walang kahulugan—Roma 12:4-5; 16:1, 4, 16.

C. Ang pag-ibig ay nagtatakip at nagtatayo, kaya pag-ibig ang pinakaekselenteng paraan upang tayo ay maging anuman at upang gawin ang anumang bagay para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo—1 Cor. 8:1b; 12:31b; 13:1-8a, 13.

D. Dapat pastulin ng mga matanda ang isa't isa at ibigin ang isa't isa upang maging isang modelo ng buhay-Katawan; kailangang ibigin ng mga matanda ang isa't isa, kailangang ibigin ng kanilang mga asawang babae ang isa't isa, at kailangan nilang ibigin ang mga anak ng isa't isa—Juan 21:15-17; 1 Cor. 13:4-8a.

E. Kung nais nating magkaroon ng realidad ang Katawan ni Kristo, dapat nating pahintulutan si Kristo na gumawa ng Kanyang tahanan sa ating mga puso; ang realidad ng Katawan ay ang panloob na karanasan ng nananahanang Kristo—Efe. 3:16-17a; 4:16; Col. 1:27; 3:4, 15.

F. Kailangang-kailangan ng Panginoon na maihayag ang realidad ng Katawan ni Kristo sa mga ekklesia-lokal; hangga't walang substansiyal na kahayagan ng Katawan, ang Panginoong Hesus ay hindi babalik—Efe. 1:22-23; 4:16; 5:27, 30; Apoc. 19:7.

G. Kailangan ng Panginoon ang mga mandaraig upang isagawa ang ekonomiya ng Diyos upang mataglay ang Katawan ni Kristo at upang wasakin ang Kanyang kaaway; kung walang mga mandaraig ang Katawan ni Kristo ay hindi maitatayo, at hangga't hindi naitatayo ang Katawan ni Kristo, si Kristo ay hindi makababalik para sa Kanyang kasintahang babae—Efe. 1:10; 3:10; Apoc. 12:11; 19:7-9.

**III. Ang pagbabawi ng Panginoon ay ang maitayo ang Zion—ang mga mandaraig bilang ang realidad ng Katawan ni Kristo na napasusukdol sa Bagong Herusalem; sa buhay-ekklesia, kailangan nating magpunyagi na maabot ang kasalukuyang Zion—Efe. 1:22-23; 4:16; 1 Cor. 1:2; 12:27; Apoc. 14:1; 21:2:**

A. Bilang ang pinakatampok na bahagi at kagandahan ng banal na lunsod, ang Herusalem, ang Zion ay sumasagisag sa mga mandaraig bilang ang mataas na rurok, ang sentro, ang pagtataas, ang pagpapalakas, ang pagpapayaman, ang kagandahan, at ang realidad ng ekklesia—Awit 48:2, 11-12; 50:2; 20:2; 53:6a; 87:2.

B. Ang Herusalem ay sumasagisag sa buong katawan ng ekklesia, habang ang Zion ay sumasagisag sa mga mandaraig ng ekklesia; sa tuwing nagsasalita ang Lumang Tipan tungkol sa kaugnayan sa pagitan ng Zion at Herusalem, ipinapakita nito sa atin na ang mga katangian, ang buhay, ang pagpapala, at ang pagtatatag ng Herusalem ay nagmumula sa Zion—1 Hari 8:1; Awit 51:18; 102:21; 128:5; 135:21; Isa. 41:27; Joel 3:17.

C. Ang Bagong Herusalem ay ang kabuuan ng mga mandaraig; ang isang maliit na bahagi sa mga mananampalataya ng Panginoon, ang mga maagang mandaraig, ang magiging kasintahang babae ni Kristo sa isang libong taon (Apoc. 19:7-9; 20:4-6); pagkatapos ay sasamahan nila ang natitirang bahagi ng mga mananampalataya ng Panginoon, ang mga huling mandaraig, upang maging asawang babae ni Kristo sa walang hanggan (21:2-3, 7):

1. Ang mga maagang mandaraig, bilang ang realidad ng Zion sa loob Herusalem, ang realidad ng Katawan ni Kristo sa loob ng ekklesia, ay may mga lansangan patungong Zion sa kanilang puso; tinatahak nila ang daan ng ekklesia sa panloob sa pamamagitan ng pagiging nailakip tungo sa Diyos bilang kanilang pinananahanang lugar sa pamamagitan ng naipakong Kristo, isinasagisag ng tansong altar bilang kanilang pugad para sa kanilang kanlungan, at sa pamamagitan ng nabuhay na muling Kristo sa pag-akyat sa kalangitan, isinasagisag ng altar ng insenso bilang kanilang tahanan para sa kanilang kapahingahan—Awit 48:2; 84:3-5; cf. Kaw. 27:8.
2. Ang manaig ay nangangahulugang iniibig natin ang Panginoon higit kaysa sa ating sarili, higit kaysa sa ating pangkaluluwang buhay; ang isang mandaraig ay nakikilala at iniibig lamang si Kristo para sa realidad ng Katawan ni Kristo—Fil. 3:10; 4:12; Apoc. 2:4-5, 7; 12:11.
3. Ang Panginoon ay naghihintay para sa isang grupo ng mga mandaraig na ipamuhay ang realidad ng Katawan ni Kristo sa pagkabuhay na muli upang maging ang kasintahang babae ni Kristo upang pabalikin Siya at upang ipasok ang Kanyang kapanahunan ng kaharian; para dito ay kailangan nating manalangin ng "Panginoon, nawa ay matanggap namin ang iyong habag at biyaya upang maging isa sa Iyong mga mandaraig."

**IV. Pinaghalo ng Diyos ang Katawan nang sama-sama (1 Cor. 12:24); ang salitang *pinaghalo* ay nangangahulugang "hinusay," "pinagtugma," "pinaglapat," at "inihalo," na nagpapahiwatig ng pagkawala ng mga pagkakakilanlan:**

A. Upang maihalo para sa realidad ng Katawan ni Kristo, dapat nating danasin ang krus at maging ayon sa Espiritu upang maipamahagi si Kristo sa iba para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo.

B. Ang paghahalo ay nangangahulugang dapat palagi tayong tumitigil upang makipagsalamuha sa iba; hindi tayo dapat gumawa ng anumang bagay nang hindi nakikipagsalamuha sa ibang banal na nakikipagkoordina sa atin, sapagkat hinuhusay tayo, pinagtutugma tayo, pinaglalapat tayo, at inihahalo tayo ng salamuha—cf. Ezek. 1:12 at talababa 1.

C. Ang isang grupo ng mga responsableng kapatid na lalaki ay maaaring madalas na sama-samang magtipon nang hindi naihahalo; ang maihalo ay nangangahulugang nahihipo tayo ng iba at hinihipo natin ang iba sa pamamagitan ng pagdaranas sa krus, paggawa ng mga bagay sa pamamagitan ng Espiritu, at paggawa ng lahat ng bagay upang ipamahagi si Kristo alang-alang sa Kanyang Katawan.

D. Ang ganoong paghahalo ay hindi sosyal kundi ang paghahalo ng mismong Kristo na tinatamasa, nararanasan, at kinukuha bilang bahagi ng mga indibidwal na sangkap, ng mga distritong ekklesia, ng mga kamanggagawa, at ng mga matanda—cf. 1 Cor. 1:9.

E. Kailangan nating sundan ang mga yapak ng mga apostol na dalhin ang lahat ng banal tungo sa buhay-paghahalo ng buong Katawan ni Kristo; dinala tayo ng apostol tungo sa buhay-paghahalo ng buong Katawan ni Kristo sa pamamagitan ng mga rekomendasyon at mga pagbati upang madurog ng Diyos ng kapayapaan si Satanas sa ilalim ng ating mga paa, at upang matamasa natin ang mayamang biyaya ni Kristo—Roma 16:1-16, 21-23, 20:

1. Ang layunin ng paghahalo ay ang dalhin tayong lahat tungo sa realidad ng Katawan ni Kristo; tayo ay kailangang mga nasa ekklesia-lokal bilang ang hakbangin upang madala tungo sa realidad ng Katawan ni Kristo bilang ang gol.
2. Ang pinakamataas na rurok ng pagbabawi ng Panginoon na tunay, praktikal, at aktuwal na makapagsasagawa ng ekonomiya ng Diyos ay hindi ang makapagbunga ang Diyos ng maraming ekklesia-lokal sa isang pisikal na paraan kundi ng isang organikong Katawan upang maging Kanyang organismo.
3. Ang kaisipan ni Pablo patungkol sa ekklesia bilang isang tinapay (1 Cor. 10:17) ay hindi niya sariling imbensyon; sa halip, ito ay kinuha sa Lumang Tipan sa handog na pagkain (Lev. 2:4); bawat bahagi ng harina ng handog na pagkain ay naihalo sa langis—iyon ang paghahalo.
4. Halos walang nagsasalita hinggil sa paghahalo sapagkat hindi lamang napakataas at napakalalim nito bagkus napakahiwaga rin; ito ay hindi isang pisikal na bagay; ang kahulugan ng ating paghahalo ay ang realidad ng Katawan ni Kristo.
5. Ang paghahalo ay para sa pagtatayo ng pansansinukob na Katawan ni Kristo (Efe. 1:23) upang pasukdulin ang Bagong Herusalem (Apoc. 21:2) bilang ang huling gol ng ekonomiya ng Diyos ayon sa Kanyang mabuting kaluguran (Efe. 3:8-10; 1:9-10).

**V. Ang nais ng puso ng Diyos ay iyong ang realidad na na kay Hesus, ang Diyos-taong pamumuhay gaya ng naitala sa apat na Ebanghelyo, ay maiduduplika sa maraming sangkap ng Katawan ni Kristo sa pamamagitan ng Espiritu ng realidad upang maging ang realidad ng Katawan ni Kristo, ang pinakamataas na rurok sa ekonomiya ng Diyos—Efe. 4:20-24, 3-4:**

A. Ang realidad ng Katawan ni Kristo ay ang Espiritu ng realidad, na siyang ang Espiritu ni Hesus, na naihalo sa ating espiritu; ang Espiritu ni Hesus ay kinabibilangan ng realidad na na kay Hesus, ang Diyos-taong pamumuhay ni Hesus—Juan 16:13; Gawa 16:7; Roma 8:16; 1 Cor. 6:17; Fil. 1:19-21a.

B. Kapag namumuhay tayo sa pinaghalong espiritu, natututuhan natin si Kristo ayon sa realidad na na kay Hesus sa pamamagitan ng Espiritu ng realidad ayon sa Kanyang modelo sa apat na Ebanghelyo upang ang Kanyang talambuhay ay maging ating kasaysayan; ang pamumuhay ng Katawan ni Kristo bilang ang bagong tao ay dapat maging ang eksaktong kapareho ng panmumuhay ni Hesus na inihayag sa apat na Ebanghelyo—Efe. 1:17; 2:22; 3:5, 16; 4:23; 5:18; 6:18; Gal. 6:17-18; Roma 1:1, 9; Fil. 2:5.

C. Ang realidad ng Katawan ni Kristo ay ang sama-samang pamumuhay ng napasakdal na mga Diyos-tao, na mga tunay na tao subalit hindi namumuhay sa pamamagitan ng kanilang buhay kundi sa pamamagitan ng buhay ng naprosesong Diyos, na ang mga katangian ay naihahayag sa pamamagitan ng kanilang mga kagalingan—4:5-9.

D. Ang realidad ng Katawan ni Kristo ay ang pakikipaghalong pamumuhay sa loob ng walang hanggang pakikipag-isa ng mga naisilang na muli, natransporma, at naluwalhating may tatlong bahaging Diyos-tao sa Tres-unong Diyos sa loob ng pagkabuhay na muli ni Kristo—Lev. 2:4-5; Awit 92:10; 1 Cor. 12:12; 10:17:

1. Ginagamit natin ang salitang *pakikipaghalo* sapagkat ang pamumuhay na ito ay nagpapatuloy pa rin.
2. Ang ganoong pakikipaghalong pamumuhay ay nasa loob ng pagkabuhay na muli ni Kristo, at ang realidad ng pagkabuhay na muling ito ay ang Espiritu; ipinamamamahagi ng pagkabuhay na muling ito ang napasukdol na Diyos at pinapalaya ang nananaig-sa-kamatayan na buhay tungo sa mga mananampalataya.

E. Ang sama-sama at pakikipaghalong pamumuhay na ito ng mga napasakdal na Diyos-tao ay napasusukdol nang ganap sa Bagong Herusalem sa bagong langit at bagong lupa bilang ang paglaki at kahayagan ng Diyos magpasawalang-hanggan—Apoc. 21:2-3, 9b-11, 22.

*© 2021 Living Stream Ministry*